# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 15, 2021, LUNES, IKA-09:19 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | PANG. PUNONG BAYAN (nagpaalam) |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA RELEASED NAME DATE 3-10-21 TIME

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 09 MAR 2021

**KAPASIYAHAN BLG. 076-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 87-T2020/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 17-T2020 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGLALAAN NG HALAGANG ISANG DAAN SIYAMNAPU'T APAT NA LIBO LIMANG DAAN WALUMPU'T SIYAM NA PISO AT APATNAPUNG SENTIMOS (P194,589.40) PARA SA 10 BAHAGDANG PONDONG PANGKABATAAN (10% SANGGUNIANG KABATAAN FUND) NG BARANGAY ALIPIT.**

**SAPAGKAT,** ang halagang P194,589.40 ay nakatakdang ilaan sa mga programa, gawain at proyektong pangkabataan ng nabanggit na barangay sa taong 2021;

**SAPAGKAT,** ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa kabataan ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 87-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 17-T2020 ng Sangguniang Barangay na naglalaan ng halagang P194,589.40 para sa 10 bahagdang pondong pangkabataan (10% Sangguniang Kabataan Fund) ng Barangay Alipit.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Alipit, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 15, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nakasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan